Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 15, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 137-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 026-T'2007/ ORDINANSA BLG. 004-T'2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG BUBUKAL NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG ISANG DAAN LIMAMPU'T SIYAM NA LIBO, DALAWANG DAAN SIYAMNAPU'T DALAWANG PISO (P159,292.00).**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 026-T2007/ Ordinansa Blg. 004-T'2007 ng Sang. Brgy. ng Bubukal na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P159,292.00;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing halaga na ilalaan para sa 20% pondong pangkaunlaran (P31,858.40); 10% para sa Sang. Kabataan (P15,929.20); 5% para sa Calamity fund (P7,964.60); Election Reserve (P13,539.80) at sa Leave Credits (P90,000.00) ay magmumula sa karagdagang IRA (Internal Revenue Allotment) para sa taong kasalukuyan na nagkakahalaga ng P159,292.00;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. Bubukal ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Angelito U.Limjuco at Alden A. Sulit at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 026-T'2007/ Ordinansa Blg. 004-T'2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng Bubukal na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P159,292.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. Bubukal, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan